

WORSHIP GUIDE: SUNDAY, 22 MARCH 2020

11 Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. *12* Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. *13* Kapag hinanap ninyo ako, ako'y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin.
Jeremias 29:11-12

★IMNO NG PAGPUPURI “Si Kristo’y Purihin” (When Morning Gilds The Skies) MASP#13

1. *Pagtakas ng dilim, Ako ay gigising, Si Kristo’y purihin!
Sa gawa’t dalangin, Aking sasabihing, Si Kristo’y purihin!*
2. *Tunog ng batingaw, Aking napakinggan, Kristo’y papurihan
Siyang alingawngaw ng mga awitan, Kristo’y papurihan!*
3. *At kung may pasanin, Aking wiwikaing, Si Kristo’y purihin!
Kahit na dumilim, Di ko papansinin, Si Kristo’y purihin!*
4. *At sa kalangitan Sa pag-aawitan Kristo’y papurihan!
At ang kalupaan Aawit din namang Kristo’y papurihan!*

TAWAG SA PAGSAMBA

Kapag ang mundo’y madilim at puno ng poot at takot, kapag hindi natin nakikita ang Dios; bubuksan natin ang ilaw. Kapag hindi natin makita ang daan pabalik sa pag-ibig at kapayapaan; bubuksan natin ang ilaw. Kapag ang ating paningin ay nanlalabo dahil sa kadiliman sa ating kalooban; bubuksan natin ang ilaw. Binubuksan ni Kristo ang ating mga mata sa pamamagitan ng kaloob na paningin. Ang ilaw ng sanlibutan ay si JesuKristo. Halina at sambahin ang Siyang nagbibigay ng liwanag sa mga bulag. Alleluia! Purihin ang Ngalan Niya magpasawalang hanggan!

PANALANGIN

Dakilang Dios, Ikaw ang tanging karapat-dapat ng aming pinakamataas na papuri. Sinasamba Ka namin. Pinaparangalan Ka namin. Yumuyuko kami sa harap Mo. Dumudulog kami sa Iyong banal na presensiya sa pag-ibig, kapayapaan, at kagalakan. Habang ginugugol namin ang sandaling ito kasama Ka sa pananahimik at pangilingin, nagpapasalamat kami sa pagpapahintulot Mong madama ang Iyong mainit na presensiya. Tulungan Mo kaming makita kung paano Ka kumikilos sa pagpapamalas ng Iyong kapangyarihan at kahabagan sa kritikal na kapanahunang ito. Bigyang tapang at tatag kami habang dumadaan sa kadilimang ito tungo sa liwanag ni JesuKristo. Amen.

TUGONG AWIT

“I Love You, Lord”

*I love You, Lord, and I lift my voice, to worship You, O my soul, rejoice;
Take joy, my King, in what You hear, let it be a sweet, sweet sound in Your ear.*

PANALANGIN NG PAGSISISI

Mapagpatawad na Dios, tinatanggap naming hindi kami namuhay nang marapat ayon sa pagkakatawag Mo sa amin. Nagkasala kami sa Iyo at pinatangis ang Iyong Banal na Espiritu. Sinaktan namin ang iba maging ang aming mga sarili sa mga bagay na aming winika at ginawa, sa aming pagiging makasarili at kawalang-pakiramdam. Nabigo kaming maging larawan ni Kristo sa aming kapwa. Tulungan Mo kaming ituwid ang aming mga kalikuan. Bigyan Mo kami ng lakas na dalhin ang Iyong liwanag sa mga lumalakad sa dilim, at ang Iyong habag sa mga nagdurusa. Ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong biyayang kagalingan at akayin kami sa mga yapak ng Liwanag ng Sanlibutan, na Siyang naghahayag ng Iyong kaluwalhatian sa Kanyang buhay, Kanyang mga katuruan, at Kanyang pag-ibig. Ito ang aming taimtim na dalangin, sa Ngalan Niya. Amen.

TUGONG AWIT “Lord, Heal Our Land...” (Refrain)

*Lord, heal our land, Father, heal our land; Hear our cry and turn our nation back to You; Lord, heal our land, Hear us, oh, Lord, and heal our land,
Forgive our sin and heal our broken land.*

KATIYAKAN NG KAPATAWARAN

Pumarito si Jesus upang akayin tayo sa pagkamatuwid at patnubayan tayo sa ating pamumuhay. Si Kristo ay sumasaatin sa panahon ng pagsubok at maging sa panahong mapayapa. Ang kabutihan at habag ng Dios ay ipinagkakaloob sa atin sa bawat araw ng ating buhay. Pinatatawad tayo ng Dios sa ating mga pagkakamali at itinataas sa pag-ibig, inaakay sa dakong inihanda ni Kristo para sa atin. Manalig tayo sa ating mga puso na minamahal tayo ng Dios at pinatatawad muli at muli. Amen.

★ PAGBASA NG BANAL NA KASULATAN

Lumang Tipan: I Samuel 16:1-13

Bagong Tipan: Juan 9:1-41

INTERACTIVE SUNDAY MEDITATION GUIDE (please see attachment)

PANALANGIN NG PAGTATALAGA

Mabuti at tapat na Dios: Ang psalmista ay nagpaalala sa amin na Iyong pinuno ang aming saro na nag-uumapaw; subalit madalas, aming inihandog sa Iyo yaong tumapon lamang sa aming sarong-puno. Sa Iyong biyaya at pag-ibig, loobin Mong ipalaganap namin ang Iyong pagmamahal at pagpapala habang umaabot kami sa iba upang sila man ay biyayaan. Mamuhay nawa kaming palagi sa diwa ng pagpapasalamat at pagbibigay. Sa ngalan ni Kristo na Siyang nagbigay ng lahat-lahat at walang pagpipigil na nagkaloob. Amen.

★KAPAHAYAGAN NG PANANAMPALATAYA NG UCCP (Ika-anim na Artikulo)

SUMASAMPALATAYA KAMI Na sa PAGKABUHAY MULI ni Kristo Hesus ay nagapi niya ang kamatayan at nagbigay katiyakan sa mga mananampalataya ng buhay sa kabila ng kamatayan. At tumitingin kami sa hinaharap sa kanyang PAGBABALIK ng buong kaganapan at kaluwalhatian upang gawing bago ang sangnilikha at tipunin ang lahat ng mananampalataya sa ilalim ng kanyang paghahari.

★IMNO NG PAGTATALAGA “Mata’y Buksan” (Open My Eyes That I May See) MASP#260

1. *Mata’y buksan, nang matanaw Ang Iyong kapahayagan;
Susi sa palad ko’y ilagay, Magbibigay kalayaan;
Hintay kitang walang agam, O Dios handa kong mamasdan
Mata’y buksan at tanglawan, Diwang Banal!*
2. *Taynga’y buksan, nang marinig Ang maliwanag Mong tinig;
Pasya Mo kung sa ‘ki’y sumapit, Bawat lisyang maaalis.
Hintay kitang walang agam, O Dios handa kong mamasdan
Taynga’y buksan at tanglawan, Diwang Banal!*
3. *Labi’y buksan, nang masaysay Balita ng kaawaan;
Puso’y gawin na magpatanaw Pag-ibig Mo kanino man.
Hintay kitang walang agam, O Dios handa kong mamasdan
Puso’y buksan at tanglawan, Diwang Banal!*

PANGWAKAS NA PANALANGIN (personal prayer)

“A SACRED JOURNEY”

In the light of our state of calamity as a nation, and as part of the global community, may we tread upon the road ahead as a sacred journey that will allow us to grow deeper in our faith while God speaks to us and lead us on.

The Lord is my shepherd, I shall not want.

Do not forget: God is our faithful Provider. He cares. He will never leave us, nor forsake us.

Even though I walk through the darkest valley, I fear no evil; for You are with me.

I remember my affliction and my wandering... Yet this I call to mind and therefore I have hope: Because of the Lord’s great love we are not consumed for His compassions never fail. They are new every morning, great is Your faithfulness.

You prepare a table before me in the presence of my enemies...

The Lord is my portion; therefore I will wait for Him.

You anoint my head with oil; my cup overflows...

O taste and see that the Lord is good!

Surely goodness and mercy shall follow me all the days of my life, and I shall dwell in the house of the Lord my whole life long.

God is the strength of my heart and my portion forever. I have made the Sovereign Lord my Refuge. I will tell of all Your deeds. Amen.

THE JOY OF THE LORD IS YOUR STRENGTH! GO, IN HIS MIGHT AND POWER!



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES
ELLINWOOD-MALATE CHURCH



22 Marso 2020



“Ang Pagpapagaling
ni Jesus: Mula sa
Kadiliman Tungo sa
Kaliwanagan”

4th Sunday In Lent

1660 Dr. A. Vasquez Street, Malate, Manila, Philippines
Tel. (8)523.6564; (8)536.2970; (8)400.9972 ● Fax 400.9779
website: www.ellinwood-malate.com